

RESPONSE #1

Dalamhati at Luwalhati sa Kulturang Filipino at Bible

Armando M. Canoy

Nagpapasalamat tayo sa Panginoon para sa theological symposium na ito. Nagpapasalamat tayo sa mga members ng Theological Symposium Committee at gayun din din sa ating tampok na presenter Dr. Rico Villanueva. Nagpapasalamat din tayo sa bawat isang dumalo at sa opportunity na maging responder sa tampok na presentation. Purihin ang Diyos.

Masarap makakita ng kakampi para sa isang advocacy na iyong ipinaglalaman. Napakalinaw ang paggamit ni Dr. Villanueva sa ating sariling wika upang maging daluyan ng maayos na pagbibigay kahulugan at unawa sa paksang dalamhati at luwalhati. Mainam na gamitin ang sariling wika para sa marami pang theological terms sa kapakinabangan ng pag-unlad ng teolohiyang Filipino. Bagamat mahaba ang diskusyon dito, kulang-kulang na limang pahina upang bigyang diin ang paggamit ng ating wika sa pag-unawa sa ating paksa, hindi ko ito ibinibilang na pag-aaksaya ng oras, papel at tinta kundi natutuwa ako sapagkat pwede pala talagang mapagyaman ang teolohiya sa Pilipinas. Nakakaluwalhati sa isip at pakiramdam na ang aking anim na Assuming Book series ay isinulat sa halos 80% conversational Filipino at 15% Tagalog-English at mga 5% dalisay na English. Nagbigay ito ng resolusyon at inspirasyon sa inyong lingkod na magpatuloy sa ganitong uri ng pagsulat kung ganito pala ang isa sa dahilan para mapagyaman natin ang teolohiya sa ating bayan. Hindi na baleng maliit ang kita, basta malaki ang dulong puntirya- ang maiangat ang antas ng yaman ng teolohiyang Pinoy.

Ang paggamit ng ating wika ay walang dudang nag-iwan ng impression sa akin lalo na sa kakaibang paghataw ni Dr. Villanueva sa salitang dalamhati at luwalhati. Mapapaindak ka sa tuwa dahil pwedeng- pwedeng maibalik ang tunay nating pagkakakilanlan sa pamamagitan ng ating sariling wika. At saka, biblical naman talaga ang paggamit ng wika bilang pagkakakilanlan. Halimbawa, gaya ng mga survivors na Ephraimites sa giyera nito sa mga Gileadites sa Book of Judges chapter 12. Para ma-identify na isang Gileadites ang tatawid sa Jordan mula sa lupain ng Ephraim ay kailangang bigkasin ang salitang “*SHIBBOLETH*” with “h” at patay kang bata ka, kapag *SIBBOLETH* without “h” ang iyong nabigkas. Marami ang ipinagkanulo ng kanilang dila...Hindi lang din biblical eto kundi cultural- gaya ng mga Capampangan na inaalís ang “H” sa salitang una ang “H” at dinadagdagan ng “H” ang salitang nagmumula sa “A.” Naging natural na ito sa kanilang pagbigkas. Halimbawa ay “(h) Andy na ako...(H)abulin kita.”

Ang layunin ng pagtugon na ito ay upang ipahayag ang mga praktikal na hakbang para mailuwal ng isang nagdadalamhati kung maaari ang alinman sa isa o higit pa sa 12 sugat ng puso na makatang inihayag ni Francisco Balagtas. Ang nasabing layunin ay batay sa pahayag ng tampok na presentor na “ang problema sa mga Cristiano ay hindi ito marunong magdalamhati.” Hindi ko batid kung sadyang totoo ba ito dahil sa ikalawang pahina ay may nabanggit doon na “matimbang ang pandama para sa Filipino.” Kung sakaling ang pag-angkin na “matimbang ang pandama” ay ganap at pangkalahatan, bakit nga ba tayo hindi marunong magdalamhati?

Sa article na “Masama Bang Umiyak ang Lalaki?” na nalathala sa Philippine Star noong June 14, 2018 sa column na Para Malibang, tinalakay dito na “Ang pag-iyak ay ginagawa ng lahat dahil ito ay normal at parte ng buhay. Pero kung ang lalaki ang umiiyak, madalas ay iba na ang standard. Iniuugnay agad sa pagiging mahina, tinutuksong binabae o jokla. Kaya ang projection na inaasta ng mga lalaki ay dapat astig at hindi rin ipinapakita ang kanilang emosyon.” Hindi kaya isa ito sa mga dahilan kung bakit hindi nagdadalamhati ang mga Christian lalo na ang mga kalalakihan? Sinalamin ko ito sa aking sarili. Marahil nga ay totoo. Para itong balaraw na tumarak sa aking dibdib dahil para ngang hindi ko natatandaan na talagang nagdalamhati ako sa pagpanaw ng aking tatay. Ang alam ko na nananatiling sariwa pa sa aking alaala ay, sa panahon ng burol ng aking ama, nanangis lamang ako ng ilalabas na siya sa bahay para ilibing- pero iyon ay biglaang iyak na malakas ngunit maiksi na nauwi sa mahinang hibik, iyak, at impit na pahayag ng pangungulila. Tuwing maaalala ko ito, iniisip ko na lamang ang magaganda kong karanasan kasama ang aking tatay noong siya ay nabubuhay pa at gayundin ang aking resolusyon sa patuloy na pagsuporta at pag-alalay sa nabiyudang nanay. Marahil ay ganito ko nailuluwal ang aking pagdadalamhati.

Ang ipinag-aalala ko ay kung majority ang bilang ng hindi marunong magdalamhati, hindi nakapagtatakanang marami rin ang bilang ng posibleng makaranas ng depression. Marahil nga, after all, ang ibang bagay ay nakakaranas din nito, gaya ng tropical depression, o kaya ay depressed road. Hindi nga lamang sila kandidato upang magkaroon ng mental health problem subalit ang uri ng kanilang depresyon ay nakapangwawasak din. Nakakalungkot palang isipin na ang hindi pagiging marunong sa pagdadalamhati ay maaaaring mauwi sa pagkawasak sa sarili at maging sa nakapaligid din sa atin.

Sa unang basa, marahil ay hindi ganap ang unawa ng responder sa mga pahayag na “kapag may dalamhati ay dahil may luwalhati, at kaya may luwalhati ay dahil may dalamhati.” Sa unang tingin ay parang naging “dahilan” ang isang “epekto.” “Kaya may dalamhati, dahil may luwalhati” – kung may dalamhati, maaari namang mauwi sa luwalhati, ngunit tila hindi ganap na dahilan na ang pagkakaroon ng dalamhati ay dahil sa may luwalhati. Hindi бага maraming dalamhati ang nauwi sa kasawian at magkaminsan, maging ang nagdadalamhating ang pangalan ay Luwalhati ay hindi nakakasilay ng tunay na kaluwalhatian?

Gayunman, maliwanag ang kapahayagan sa proseso kung paano nagiging luwalhati ang isang dalamhati. Ito ay sa pamamagitan ng pagluluwal nito. Ang ganda

ng pagkakasalaysay ng prosesong ito. Naisip ko na mahalaga ang kontribusyon nito sa pastoral ministry. Lalo na, may mga pastor na parang bato ang mga puso pagdating sa pagdadalamhati: na para bang ayaw ipakita sa kongregasyon na mahina sila, nalulungkot din, nadedepress, at parang pinagsakluban ng langit ang kalooban. Dahil sa hindi pagdaan sa grieving process, maraming bagahe ang sumasalansan sa kalooban na nagiging resulta ng kaabahan ng pisikal na kalusugan, kaisipan, at maging sa spiritual na larangan. Madalas naisasantabi rin ang panahon ng pagdadalamhati dahil sa may mga panahon na mas pinagtutuunan ang pagbibigay ng mga Bible verses na out of context para sa isang nagdadalamhati.

Kung hindi tayo marunong magdalamhati sa presensya ng Diyos bilang isang komunidad, marahil ay kinakailangang simulan ito sa komunidad ng seminaryo, patungo sa mga iglesya. Kinakailangang isama marahil sa programa ng mga pagsamba ang mga panahon sa pagdadalamhati- gaya ng kapag may pambansang kalamidad, kapatiran na nasawi, nasunugan, nabigo sa gawain, etc. Marahil ay may mga ready-made na Scripture tungkol sa pagdadalamhati at baka sa pamamagitan ng pagbasa ng talata sa awit patungkol sa dalamhati at pananalangin na mailuwal ng mga nagdadalamhati ang kanilang loob sa Diyos ay matulungan sila sa unti-unting pagluluwal nito tungo sa luwalhati. Ang worship leader ay kinakailangan sigurong magsaayos ng mga awiting nagpapatungkol sa proseso ng dalamhati sa panahon na dumadanas ng dalamhati ang marami sa katawan ni Cristo; ang mensahe ng pastor para sa panahon ng pagdadalamhati ay swak na swak dapat sa topic ng pagdadalamhati at hindi laging Malakias 3:10. Ang mangunguna sa corporate prayer ay dapat may sapat na unawa para sa mga ipapanalanging nagdadalamhati pati na rin para sa ipinagdadalamhati.

Sa pinunto ng presentor na hindi siya makaawit ng “bless the Lord o my soul” dahil sa andaming hirap na hirap, lalong tumibay ang aking pananaw na kinakailangang maging sensitibo ang ating mga worship leader sa kanilang pangunguna sa pagsamba. Minsan ay nakarinig pa ako sa isang worship leader, o higit pa, na sa kanyang paanyaya sa mga kapatiran na umawit at sumamba sa Diyos, kanyang nabanggit na “iwanan muna ang mga problema at sumamba sa Diyos.” Ito ay isang maling teolohiya sa paanyaya sa pagsamba dahil kaya nga sumimba ang mga tao ay dahil din sa marami silang problema na hinahanapan nila ng kahit konting luwalhati sa loob ng iglesya. Marahil ay dapat turuan ang mga worship leader na parang hindi nakakaranas ng pagdadalamhati na sa halip ang sabihin ay “dalhin natin sa Diyos ang ating mga problema sa ating pag-awit at pagsamba.” Sa gayon, maaaring makatulong ang inihandang programa para mailuwal ng isang mananampalataya ang kanyang mga dalamhati.

Kapag ang pagdadalamhati ay naisantabi ng iglesya, nagiging malalim ang mga sugat ng mga nagdadalamhati at malamang mauwi sa production ng Tupperware ang mga fellowship- nag-uumapaw sa kaplastikan dahil hindi nailuluwal ang pagdadalamhati. Kunwari masaya, pinipilit maging masaya subalit lungkot na lungkot ang puso kahit ang inihandang programa ay parang Sunday Pinasaya. Hindi kayang itago ng pancit at juice ang kadalambahatian. Sa halip na mailuwal ang dalamhati, nauuwi

tuloy sa abortion. Multiple abortion ang ginagawa ng mga iglesya at ministrong walang pakialam sa nagdadalamhating miyembro nito at hindi tumutulong upang mailuwal ang dalamhati tungo sa luwalhati.

Maaari din kaya na ang mga denominasyon ay magtakda ng sarili nitong National Day of Mourning at isa-isahin ang mga isyung dapat ipagdalamhati ng mga ito- una na sa kaloob-looban ng organisasyon, mga miyembrong simbahan, mga pastol na nagpapastol-pastolan, at mga tupang parang kambing ang pag-uugali? Maaari din isama ang mga isyung nagdudulot mismo ng dalamhati kay Cristo gaya ng hindi pagtulong sa mahihirap, pagbatikos sa kabaklaan, sa kulay, sa lahi, at mga kasalanang siya mismong dahilan ng pagkapako ni Jesus.

Pwede rin kaya na magkaroon ng pagsasanay sa mga kapastoran at lider tungkol sa pagtulong sa mga miyembro na magdalamhati ng tama at gawin itong panuntunan sa pagtulong sa mga gusto namang makaranas ng luwalhati ngunit walang kasanayan kung paano ito gawin? Hindi marahil tama na sabihan na lamang na “kaya mo yan, God will help you. You can do all things through Christ.” Hindi ako eksperto sa pagbalangkas ng mga hakbang sa pagluluwal ng dalamhati tungo sa luwalhati subalit naniniwala ako na kailangan natin ng Filipinong version ng “Pagtulong sa Mga Nagdadalamhati.” Para itong curriculum na therapeutic ang end result. Iniiwan ko ito sa mga eksperto sa bukirin ng pastoral counseling sakaling nais natin na gawin ito.

Panghuli, nakakaluwalhati din sa pakiramdam na ang pagtangis natin o pagdadalamhati laban sa kasamaan sa ating kultura at lipunan ay isang tanda ng pagiging mabuting Cristiano. Maaari kayang idagdag na hindi lamang dapat manatili sa pagdadalamhati kundi sangkapan nawa ito ng gawang mabuti? Hindi kaya matapos tangisan ang walang habas na illegal logging ay sumulat din at mag-lobby ang Cristiano sa mga pulitikong sakop ang pangangalaga sa kapaligiran na hulihin at parusahan ang mga gumagawa ng ating ikinadadalamhati--- pagbaha, landslide, flash floods at iba pang sakunang dulot ng pamumutol ng punong deklarado namang hindi dapat kahuyin! Dahil naniniwala ang responder na ang luwalhati ay higit ding nararamdaman sa aspeto ng tagumpay. Dalawang messages ko sa Messenger ni City Mayor Magalong ang nakita kong sinolusyunan. Una ay ang pagkakaroon ng tatlong linya ng sasakyan sa corner ng Magsaysay at Bonifacio- isa pakaliwa sa SLU, isa pakanan sa Session at isa direktso sa Centermall. Dati ay dalawa lang ito. Pangalawa ay ang mga street signs na halos hindi na makita doon din sa Bonifacio St. Ito ay noong before pandemic na hinahatid ko ang aking anak sa SLU.

Bilang responder at pangulo ng seminaryo, bilang isang pamayanang hindi manhid sa mga nangyayaring kabuktutan sa ating paligid, sisikapin natin ang paglalaan ng pananalangin pastoral sa bawat pagsamba sa ating chapel services. Magiging mas sensitibo tayo sa mga balita at sa pakikidalamhati at pagtugon sa mga isyung dapat dalamhatian. Hindi nangangahulugan na ang mga seminarista ay magma-martsa sa Session Road upang ipanawagan ang mga isyung ito kundi mag-ma-martsa ang bawat isa sa trono at presensya ng Diyos upang ang kaluwalhatian ay maranasan ng sarili at ng bayan.

Ang UBC Manila ay dumanas ng madugong division sa buhay nito bilang isang iglesya dahil sa hindi napakagandang karanasan sa petsang May 5. Nang malaman ko ito sa kanilang kasaysayan, itinalaga namin ang Mayo a cinco bilang araw ng pag-aayuno at pag-alala sa isang mapait na karanasan na nagdulot ng dalamhati sa marami. Sa gayon, ang pananalangin at fasting ay nakatuon sa layuning huwag ng maulit muli ang masamang bangungot na ito sa iglesya.

Kaya naman, sa taunang pagdiriwang ng PBTS ng anibersaryo tuwing July 15, idedeklara naman natin ang July 16 bilang pagdadalamhati sa mga bansang dumaranas ng kahirapan dulot ng mga natural na kalamidad gaya ng earthquake na naganap noong July 16, 1990. Maaaring gawin ang pananalangin sa bawat klase sa araw na ito nang may sapat na impormasyon sa mga dapat ipagdalamhati. Sa gayon, hindi lang kaluwalhatian ang hangad natin sa buhay seminaryo kundi ang pagtulong na mailuwal ang dalamhati ng ibang tao. Gagawin natin itong makabuluhan, walang palya, at sinasadya---baka sakaling sa pamamagitan nito, matuto na tayong magdalamhati. Sabi nga ng ating tampok na presentor, “hindi tayo marunong magdalamhati.” Samakatuwid, aking ipinapalagay na puwede nating itong matutuhan.

Purihin ang Diyos na nakikidalamhati sa atin. Sa kanya ang kaluwalhatian, magpakailanman!

Armando Canoy is the third Filipino and ninth president of the Philippine Baptist Theological Seminary (PBTS). He received a Master of Divinity degree at PBTS and a Doctor of Theology degree at the Asia Baptist Graduate Theological Seminary. He is married to Vo Cristobal-Canoy, and they have a daughter, Joanne Ysabel. He is the author of many books of the “Assuming Lang” series, published by Church Strengthening Ministries.